

Countermeasures para sa pagtatapos ng

5th Wave ng COVID-19 (Excerpt)

Napagpasyahan: 2021 Setyembre 28

COVID-19 Infection Countermeasures HQ Gifu Prefectural Government

Panahon ng Pagpapatupad : mula Oktubre 1 hanggang Oktubre 14, 2021

Ang “State of Emergency” na itinalaga ng Prepektura ay kakanselahin na sa katapusan ng Setyembre, ngunit ang bilang ng mga bagong infected na tao ay nasa mataas na level pa rin. Ang 5th Wave ay hindi pa natatapos, dahil ang bilang ng mga bagong infected ay nakukumpirma araw-araw lalo na sa mga kabataan, at kitang-kita rin sa mga dayuhang residente.

Bilang karagdagan, kailangan din maghanda para sa 6th Wave dahil papasok tayo sa panahon ng Autumn holidays.

Kahit na kanselado na ang “State of Emergency” Measures, mangyaring ipagpatuloy ang pagpapatupad ng mga pangunahing hakbang sa pagkontrol sa impeksyon.

1 Masusing Pagpapatupad ng ng New Behavior Guidelines

(1) Masusing mga hakbang sa pagkontrol sa impeksyon

<Sa mga Mamamayan ng Prepektura>

- Maingat na pagpapatupad ng mga sumusunod na hakbang, kabilang na ang mga tapos ng magpabakuna (peligro ng breakthrough infection)
 - Pagsusuot ng Mask (Non-woven mask, tight sealed ang bibig at ilong)
 - Kalinisan sa Kamay (epektibo ang sabon, tubig at alcohol)
 - Pagiwas sa 3 C’s (closed spaces, crowded spaces at close contact, iwasan ang kahit isa lamang sa 3 C’s)
 - Madalas na Bentilasyon (papapalit ng hangin)
 - Pagmamatyag sa Pisikal na kondisyon (itigil ang lahat ng mga aktibidad kabilang ang pagpasok sa trabaho at paaralan kapag masama ang pakiramdam)
- Sa mga lalabas, gawin ang mga sumusunod na hakbang
 - Iwasang lumabas kasama ng malaking grupo, iwasan ang mataong lugar at oras
 - Iwasan ang pagpunta sa mga restawran na walang masusing mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon o mga restawran na hindi tumutugon sa mga kahilingan sa pagpapaikli ng business hours.
 - Iwasan ang paglabas pasok sa mga Prepektura tulad ng pag-uwi, sa mga business trip, lubusang ipinatutupad ang pangunahing “Preventive Control measures at inirerekumenda ang “testing” para sa mga hindi pa nakukumpleto ang bakuna.

➤ Iwasan ang pumunta o mamasyal sa mga lugar kung saan mataas ang kaso ng COVID infection

- Pagpapatupad ng paggamit ng virtual meetings o conference, atbp. sa mga kumpanya.
- Iwasan ang mga aktibidad na may mataas ang peligro ng impeksyon tulad ng grupong pag-inom ng alak sa mga kalye o sa mga park.

(2) Pagpapatuloy ng mga Kahilingan sa pagpapaikli ng business hours , atbp.

- Kahilingan sa pagpapaikli ng business hours sa mga Restawran

Target Industries	<p><u>Restawran</u> : Restawran (kasama dito ang mga <i>Izakaya</i>), Coffee Shop, atbp. ✕Hindi kasama ang delivery at take-out services, atbp.</p> <p><u>Amusement Facilities</u> : Bar, atbp. na may mga business permit sa ilalim ng Food Sanitation Law ✕Hindi kasama ang mga pasilidad tulad ng Internet Café at Mangga Café, mga pasilidad na inaasahang magagamit para sa pangmatagalang pananatili sa gabi.</p>
Target Area	Gifu-shi, Hashima-shi, Kakamigahara-shi, Mizuho-shi, Ogaki-shi, Minokamo-shi, Kani-shi, Mitakecho
Target Period	mula Oktubre 1 (Biyernes) hanggang Oktubre 14 (Huwebes)
Detalye ng Kahilingan	<p>○Mga Restawran/Stores na may stickers na nagpapatupad ng masusing mga hakbang sa pag-iwas ng impeksyon (third-party certified stores✕)</p> <p>✕Ang pagsunod sa 4 items ang kundisyon (①Pag-install ng mga acrylic board, atbp. o pag-secure ng spacing ng upuan, ②Paghahanda ng Hand Sanitizer, ③Pagrerekumenda na magsuot ng mask maliban sa panahon ng pagkain, ④Masusing Bentilasyon)</p> <ul style="list-style-type: none"> • Kahilingan ng Pagpapaikli ng Business Hours : mula 5:00 hanggang 21:00 (sa mga nagsisilbi ng alak, 11:00 hanggang 20:00 lamang) • Limitahin ang bilang ng tao sa isang table hanggang 4 na tao lamang <p>○Iba pang Business</p> <ul style="list-style-type: none"> • Kahilingan ng Pagpapaikli ng Business Hours : mula 5:00 hanggang 20:00 (sa mga nagsisilbi ng mga nakalalasing na inumin, 11:00 hanggang 19:00 lamang)
Compliance Fund	<p>Compliance Fund para sa buong panahon ng Kahilingan</p> <p>Small at Medium Business : ¥25,000 ~ ¥75,000 (1 store per day)</p> <p>Large Business : Decrease sa daily sales X 0.4 (1 store per day)</p> <p>✕hanggang ¥200,000 [o decrease sa daily sales X 0.3 alinman ang mas mababa].</p>

- Iwasan ang paggamit ng mga karaoke set na mayroon sa mga restawran at wedding halls (Ang kahilingan na ito ay pareho sa mga target area at period na nakasaad sa itaas.)
- Kapag gagamit ng karaoke maliban sa mga tindahan na nabanggit, gumawa ng masusing mga hakbang sa pagkontrol sa impeksyon tulad ng pag-iwas sa mga masikip na lugar at tiyakin ang maayos na bentilasyon. (Ang kahilingan na ito ay pareho sa mga target area at period na nakasaad sa itaas.)